PAGBABABUYAN

Department of Agriculture
Regional Office No. 5
San Agustin, Pili, Camarines Sur
Tel. No. 4777-254 or 361-18-58
E-mail Address: darafid5@yahoo.com

Paunang Salita

Ang pagpapalaganap ng mga teknolohiya ay isa sa mahalagang tungkulin ng Kagawaran ng Pagsasaka. Isa sa paraan ng pagpalaganap nito ay ang pagkakaroon ng lathalaing tulad nito. Ito ay isa sa nailimbag na mga babasahin ng Kagawaran ng Pagsasaka dito sa Bikol upang mas maintindihan ng mga magsasaka at nag-aalaga ng baboy ang kahalagahan ng bawat pamamaraan at gawain na nakalahad dito.

Sa pamamagitan nito ang mga dapat gawin at proseso ng pagbababuyan ay isa-isang inilahad upang mas lalong maintindihan ng nakararami. Tinalakay dito ang tamang pagpili, pagpakain , pagparami, pagiwas sa mga sakit hanggang sa pagkakatay ng baboy.

Mahalaga ang papel ng ating mga nag-aalaga ng baboy sa kanayunan. Ang dagdag na kita ay binibigyan pansin upang umangat ang pamumuhay nila.Bukod pa rito kinikilala ang kanilang papel sa pakakaroon ng sapat na pagkain para sa lahat.

Sana sa pamamagitan ng babasahing ito maging maganda ang produksiyon ng baboy sa ating rehiyon at tuloy umangat ang pamumuhay ng ating mga kababayan.

JOSE V. DAYAO
Regional Executive Director

PAGBABABUYAN

Kapansin-pansin ngayon ang interes ng marami sa pagbababuyan. Ang mga proyektong panglikod- bahay ay dumarami at lalong lumalaki naman yaong mga datihan at mga pangkomersiyal. Mabuti, at sa tulong na abot ng pamahalaan, umunlad at naging matatag ang industriyang ito. Sapat tayo sa karneng baboy at natutustusan ang lahat ng pangangailangan ng sambayanan. Di maglalaon at makapagluluwas din tayo ng mga produkto nito sa karatig bansa dahil nakamit natin ang international declaration ng OIE na wala ng FMD dito sa ating bansa.

Karaniwan, ang malalaking commercial piggeries lamang ang may kakayahan sa malakihang produksiyon. Subali't ngayon, dapat namang pagtuunan ng pansin na mapaunlad ang mga proyektong panglikod-bahay upang makibahagi rin naman ang maliliit sa sektor sa benepisyong dulot ng kaunlarang pangkabuhayan.

Di hamak na ang pagbababuyan, kahit maliit lamang ay nagdudulot ng karagdagang kita sa mga magsasaka habang hindi pa panahon ng taniman. Ito'y isang trabahong nagbibigay din ng kasiyahan, parang libangan. Maraming mga tirang produkto sa bukid na maipakakain sa mga baboy, ligtas na sa gastos, o kung gagastos ay mura lamang pati na ang upa sa mga katulong, kaya't tiyak ang pakinabang sa proyektong tulad nito.

PAGPILI NG MAGANDANG LAHI

Sa pagpili ng lahing aalagaan, dapat tiyak ang pakay ng mag-aalaga: patabain ba ang gusto niya o pagpaparami ng baboy? May mga lahing mahusay na inahin at mayroon namang mahusay na patabain. Isa pa, dapat isaalang- alang din ang iba pang katangian, tulad ng pangangatawan ng baboy. Basahin dito sa sumusunod ang katangian ng bawa't lahi na makatutulong sa inyong pagpili.

YORKSHIRE- **Magandang inahin dahil malalaki ang nagiging biik at maraming maggatas. Maganda ang uri ng karne nito.**

***LANDRACE* - Magandang inahin dahil malalaki rin ang mga biik nito at maraming maggatas. Umeepekto agad ang pagkain kaya mabilis lumaki ang mga biik nito. Gayunman, mahina ang mga paa nito at hindi gaanong kumakapal ang katawan. Hindi hiyang sa masamang kapaligiran lalo na sa mababang uri ng pagkain.**

***DUROC* - kulay tansong pula ang lahing ito at kamukhang-kamukha ng Poland China. Matibay ang kanilang katawan sa sakit tulad ng Berkshire. Palaanak ang inahin at malalaki ang biik. Mabilis tablan ng pagkain kaya mabilis ding lumaki.**

BERKSHIRE **-Magandang inahin, palaanak gaya ng ibang lahi lalo na't kung sa mestisong lahi ipakakasta. Ang itim na Berkshire ay may "turned up nose" at may batik na puti sa mukha, paa at buntot. Ang tawag dito ay "bulldog hog" at "curly haired pig". Mayroon rin pulang Berkshire.**

POLAND CHINA **-Mabilis lumaki ang lahing ito, matangkad, at kahawig ng bagong Berkshire. Karaniwan, ang inahin nito ay hindi gaanong palaanak, ngunit kapag ipinakasta sa karaniwang lahi, marami ring magbiik.**

HAMPSHIRE **-Itim ang kulay nito at mahahaba ang paa. Hindi gaanong kumakapal ang katawan nito subalit matibay sa sakit at sanay kumain ng kaning-baboy.**

HYPOR **-Masipag manganak ang mga inahin at maraming maggatas. Malalaki at malulusog ang biik nito. Malaman ang likod at pata at masarap ang karne.**

Alin man sa lahing nabanggit ay mabuting alagaan lalo na kung maliit lamang ang proyektong binabalak, sapagkat ang mga lahing ito ay sanay sa ating klima, nabubuhay sa pangkaraniwan o mababang uring pagkain, at hindi mahirap alagaan at pabahayan.

MGA KATANGIANG PANLABAS NA BASEHAN SA PAGPILI

Sa pagpili ng mga gagawing inahin, mahalagang malaman ang mga sumusunod:

1. TAMANG KAAYUSAN NG SUSO -Mahalaga na ang gagawing inahin ay mayroon pitong pares ng suso at tama ang agwat ng mga ito upang ang mga anak o biik ay lumalaking malusog at tama sa timbang. Piliin iyong hindi nakabaligtad ang mga utong (inverted nipples) pagkat kung ito'y nakabaligtad hindi magkakagatas at hindi rin makakasuso ang mga biik.

2. HABA NG KATAWAN -Ang mahabang katawan ay isang mabuting katangian, tiyak na maganda ang magiging ayos ng mga suso at ang mga biik ay hindi gaanong magsisiksikan kung magsisisuso sa inahin nang sabay-sabay.

3. LAPAD O HUBOG NG KATAWAN -Ang katawan ng baboy ay dapat may normal na lapad mula sa ulo o batok hanggang likod. Kung ang katawan ay malapad hanggang pigi, ito ay mas mainam. Dapat ding malapad at matibay ang tadyang.

4. MATIPUNO, MALUSOG AT MALAPAD NA BALIKAT, HITA AT PIGI -Mahalaga na mabikas ang balikat, ang hita at pigi dahil dito nakukuha ang mga matataas na uri ng karne, tulad ng porkchop, ham at bacon.

5. PAA AT BINTI -Importante na malakas at matatag ang mga paa at binti ng inahin upang hindi mahirapang kumilos, lalo na kung ito ay malaki na sa

kabuntisan, o kung may pinasususong mga biik.

6. LAKI -Laging pipiliin ang pinakamalaki sa grupo ng biik na ipinanganak. Mas nakatitipid at mas kikita kung mag-aalaga ng biik na ang tubo ay malaki para sa kanyang edad. Ang tubong malaking pangangatawan ng biik ay dala hanggang paglaki nito.

7. MAGATAS -Ang paglaki at pagiging masigla ng biik ay namamana sa inahin; kung kaya, ang magatas na inahin ay nag-aanak din ng magagatas na palahian. Dapat ding sagana ang gatas nito. Kapag di-magatas ang inahin, hindi lalaki nang maayos ang mga biik.

8. WALANG SAKIT AT KAPANSANAN -Pumili ng masiglang biik mula sa malusog na paanakan. Huwag pipili ng inahing baboy o barako na galing sa isang paanakan na may sakit o kapansanan.

9. PALAANAKING URI -Pumili ng biik na mula sa mga lahing palaanakin. Mas maganda iyong mga lahing walo (8) o higit pa ritong magbiik.

PAGPILI BASE SA BILIS NG PAGLAKI AT PAGPAPARAMI

Ito ang dapat maging gabay sa pagpili ng aalagaang baboy:

1. MABILIS NA PAGLAKI -Ang mas mabilis na paglaki ng baboy ay nagbibigay ng maraming bentaha para . sa nag-aalaga tulad ng mas maikling oras pagpapakain, laking kabawasan sa panganib na madapuan ng sakit, at mas mababang paggastos sa pag-aalaga. Lahat ng ito ay magdudulot ng mas malaking kita.

2. MAGALING KUMAIN -May mga baboy na mahusay gumamit ng feeds o pakain, ito'y mahalagang katangian para sa isang baboy. Kapag konting feeds lamang, lumalaki at bumibigat na ang timbang, ito'y makakabuti sa negosyante. Matipid sa gastos sa pakain.

3. MAGANDA MISMO ANG KARNE -Malalaman kung maganda ang uri ng karne sa kapal ng taba at likod ng baboy.

MGA PANGANGAILANGAN SA KULUNGAN AT KAGAMITAN

Sa paggawa ng kulungan ng baboy, gumamit na lamang ng mura at lokal na materyales, gaya ng kawayan, nipa o pawid, na makapagpapanatili ng tamang temperatura. Tiyakin din na ang kulungan ay nababagay sa kondisyong umiiral sa pook. Kung gagawa ng permanenteng kulungan, gawing konkreto ang lapag nito upang madaling linisin at maliligtas pa sa mga parasito at sakit na karaniwang dumadapo sa mga alagaing hayop.

Sa kulungan, tiyaking mayroong labangan, painuman at iba pang gamit na karaniwang kailangan. Lagyan ng halang ang labangan upang ang nguso la-

mang ng baboy ang maipapasok at hindi pati paa'y nakalubog sa labangan. Kailangan ding may ilaw upang naiinitan ang mga biik na bagong silang. Sa mga barangay na walang kuryente, ilagay ang mga biik sa kahong nilatagan ng sako, o kaya'y dayami, ipa at kusot, upang hindi ginawin ang mga ito lalo na kung malamig o mahalumigmig ang kapaligiran.

Permanenteng kulungan

Kulungan na yari sa local na materyales

KULUNGAN

Upang mapalaki nang husto sa tamang sukat at bigat ang alagaing mga biik, tiyaking tama ang sukat ng mga kulungan. Ito'y dapat tama sa luwang at hindi masikip. Mas mabuting sundin ang tamang kaayusan at disenyo ng kulungan upang maging kapaki-pakinabang ang pagbababuyan.

FARROWING HOUSE

	Boar	Sows	Gilts	Young Sow wl Litter	Mature Sow wl Litter	Pig 10-20 kg.	Pig 21-40 kg.	Pig 41-70 kg.	Pig 71-100 kg.
Pen size (minimum) sq. ft.		20	17	48	64	-	-	-	-
Stall size (total) sq. ft.	-	-	42	42	-	-	-	-	-

GROWING/FINISHING HOUSE

Stall width Inch		-	-	20	24	-	-	-	-
Solid floor (total) sq. ft						5-6	6-7	7-8	9-12
Daily water needs. gal.	5.0	4.5	4.0	6.0	6.0	1.75	1.5	1.75	2.25
Daily feed consumed kg.	2-3	2-3	2-3	3.5	6.5	0.5 1.0	1.0 1.5	1.5 2.0	2-3

PAGPAPAKAIN

Sitenta'y singko porsiyento (75%) ng buong gastusin sa pag-aalaga ng baboy ay sa pakain, at para kumita ang isang magnenegosyo rito, dapat niyang siguraduhin na mapalalaki nang husto ang mga baboy. Kaya isang balanse at mataas na uri ng pakain ang dapat ibigay at isang maayos na pamamaraan sa pagpapakain ang kailangan upang tama at mabilis ang paglaki ng mga baboy.

1. PRE-STARTER RATION -Ito ay mayroong 20-22% protina. Ang feeds na ito ang ipakain mula sa edad limang araw hanggang apat na linggo.

GULANG	**DAMI NG PAGKAIN**
5-11 araw	7.5-15 gramo bawat biik sa bawat araw
12-18 araw	15-30 gramo bawat biik sa bawat araw
19-25 araw	30-50 gramo bawat biik sa bawat araw
26-28 araw	50-120 gramo bawat biik sa bawat araw

Aabot lamang halos sa isang kilo ng pre-starter ang mauubos ng bawat biik sa loob ng halos isang buwan, 5-28 araw. Kung limitado ang pakain, dalawa hanggang tatlong beses maghapon, ito'y sapat na ring makabusog sa kanila. Tiyakin lamang na parating may malinis na tubig na maiinom ng mga biik.

2. STARTER RATIO -Ito ay mayroon 17-18% protina. Ang pakaing ito ay ibinibigay kapag ang tanda ng baboy ay 4-1/2 hanggang 12 linggo na. Rekomendadong dami ng pakain: 700 gramo hanggang 1kg bawat baboy sa isang araw.

3. GROWER RATIO -Mayroon itong 15-16% protina. Ibinibigay ito sa mga baboy, na ang edad ay mga 12-20 linggo na. Rekomendadong dami ng pakain: 1 kg hanggang 2 ½ -3 kg bawat baboy sa isang araw.

4. FINISHER RATIO -Mayroon itong 13-14% protina. Ibinibigay ita sa mga baboy na handa nang ibenta, mga 20 linggo na at nasa tamang timbang na. Dami ng pakain: 2 ½ - 3 kg bawat baboy sa isang araw.

5. BREEDER RATIO -Ito'y pakain para sa lahat ng klaseng palahiang baboy. Ang

para sa mga barako ay may 13-15% protina. Ang inahin ay pinapakain ng 2 ½ kg sa bawat araw at maaaring umabot sa daming 4 ½ kg sa isang araw.

GABAY PARA SA PATABAING BABOY

60-90 araw (2-3 buwan)-Dahan-dahan nang magpalit ng pagkain, mula pre-starter hanggang sa hog starter na. Ang pagkain ng baboy sa gulang na ito ay dapat dagdagan ng pampalakas na suplementong bitamina, mineral at growth promotant upang mapadali ang paglaki ng mga baboy.

91-150 araw (4-5 buwan) -Sa tuwing magpapalit ng pakain o dili kaya'y pabagu-bagong panahon. Palakasin ang katawan ng mga baboy laban sa "stress" o sa pagod tuwing papalitan ang pakain o kapag pabagu- bago ang panahon. Mabuting maghalo ng electrolytes sa inumin dahil habang lumalaki ang baboy, sila'y nakararanas ng stress. Kaya, kailangang gawin ang mga paraan upang maiwasan ang pagkakasakit at para lalong mapalakas ang resistensya laban sa anumang pagod, turukan ng Vitamin B-Complex. Ginagawa ito upang lalong mapaganda ang "enzyme action" at tumaas kanyang resistensiya laban sa sakit.

Dahan-dahang magpalit ng pakain simula sa hog starter hanggang sa hog grower. Sundin ang mga sumusunod na gabay:
Unang araw -tatlong parte ng starter sa isang parteng hog grower feed (3:1).
Pangalawang araw - kalahating parte ng hog starter at kalahating hog grower feed (1:1).
Pangatlong araw -isang parte ng hog starter sa tatlong parteng nog grower feed (1:3).
Ikaapat na araw -hog grower feed.

Ang rasyon ng pagkain sa baboy ay dapat ibahin sa iba't ibang panahon o buwan ng paglaki nito, at dahan-dahanin ang pagpapalit ng feeds o pakain nang hindi ito manibago.

Ang pagbibigay ng mga suplemento tulad ng mga bitamina, mineral at growth promotant ay dapat mentinahin para tiyak na tuluy-tuloy ang paglaki at makuha ang tamang timbang.

100 araw - Bago isagawa at matapos mabakunahan, lagyan ng eloctrolytes ang inuming tubig para mapanatiling mataas ang resistensiya laban sa "stress".

Bakunahan ang mga alagang baboy laban sa hog cholera at sa foot and mouth disease (FMD). Grabeng mga sakit ang hog cholera at FMD. Bakuna lamang ang tanging epektibong panlaban dito bago pa magka-epidemya.

Patuloy na palakasin ang katawan laban sa "stress" maghalo ng electrolytes sa inuming tubig. Habang lumalaki kasi ang baboy ito'y nakararanas ng stress, kaya't kailangang maparaan nang maiwasan ang pagkakasakit. Inirerekomenda na turukan ng Vitamin B-Complex dahil ito'y mabisang panlaban sa anumang pagod. Bukod rito, magaling din na mag halo ng antibayotikong feed supplement

sa pagkain.

151-180 araw (5-6 buwan) - Dahan-dahang ipalit ang finisher/fattener feed sa grower feed. Laging lagyan ng bitamina't mineral ang pakain. Sundin lagi ang gabay sa pagpapalit ng feeds na nasa unahang pahina (91-150 araw).

PAGPAPABULOG NG BABOY

Kung minsan, ang mga dumalagang baboy ay naglalandi na kahit apat na buwan pa lamang ang gulang. Di dapat itong pakastahan o ipabulog kung hindi pa husto sa walong buwan ang gulang at tumitimbang ng 90-100 kilo. Kung hindi'y mapipilitan itong mag-anak at ilang biik lamang ang iaanak, gagaan pa ang timbang at sakitin. Ang itlog kasi na inilalabas ng wala pa sa gulang na naglalanding baboy ay kakaunti; at pag ito'y naging punla na at nabuo, sadyang mahihina ang kalalabasan, at mahihirapan pati ang inahing baboy sa pagbubuntis at pagpapagatas.

Subalit kapag nakailang beses nang naglalandi ang dumalagang baboy, mas marami itong iaanak na biik dahil ang pagbaba ng itlog mula sa obaryo ng inahin ay nadadagdagan sa bawa't paglalandi nito hanggang sa ito'y isang taong gulang na. Mas maraming ipagbubuntis na biik ang inahin kapag ito'y ipinakasta sa pangalawa at pangatlong araw ng paglalandi. Hanggang sa dalawa pang biik ang maaaring madagdag sa bawa't panganganak kapag ganito ang gagawin.

GABAY SA PAGPAPARAMI

2 linggo bago pakastahan - Purgahin ang inahin. Ito'y upang maalis o maiwasan ang alinmang uri ng mga bulate na kaagaw sa mga sustansyang nakukuha sa pagkain.

Panatilihin ang mataas na antas ng suplementong antibayotiko sa pagkain. Ito'y upang sugpuin ang ano mang sakit na maaaring makaapekto sa kalusugan ng inahin o dumalaga sa panahon ng pagpapalahi, at masiguro ang maraming mabubuong itlog nito.

1- 2 linggo bago pakastahan - Magbigay ng mabisang antibayotiko at bitamina bago isagawa ang pagbabakuna at pagkatapos mabakunahan. Bakunahan ang inahin laban sa Hog Cholera at FMD. Upang maiwasan ang "stress" at maihanda siya sa panahon ng pagbubulog.

Bigyan ang inahin ng higit sa pangkaraniwang dami ng pagkain (3 1/2 - 4 kg sa araw-araw). Ang mabitaminang pagkain na may mineral, calcium at phosphorus. Itos ay mahalaga sa pagpapataas ng obulasyon ng inahin (ovulation rate) at upang mapangalagaan ang inahin laban sa Hog Cholera at FMD.

Turukan ng Vitamin B-complex. Ito'y upang matiyak na malakas at masigla ang biik.

Pagbubuntis - Bawasan ang dami ng pagkain. Bigyan lamang ng 2 ½ hanggang 3 kg pagkain araw-araw. Ipagpatuloy ang pagbibigay ng mga pagkaing may bitamina, mineral, calcium at phosphorus. Para sa mas malusog at malakas na mga biik.

1- 2 linggo bago manganak -Lagyan ng electrolytes ang inuming tubig. Upang maiwasan ang anumang paghihirap o "stress" dulot ng pagpupurga at nang masiguro na malakas ang pangangatawan sa oras ng panganganak.
Purgahin ang inahin. Ito'y mahalaga upang hindi makontamina ng bulate ang mga biik habang sila'y ipinagbubuntis pa lamang.

1 linggo bago manganak - Bigyan ang inahin ng mga dahong berde o gulay, gaya ng kangkong at dahon ng kamote, upang makatulong sa pantunaw at maiwasan ang pagtitibi, bukod pa sa mabawasan ang pagkakaroon ng "MMA Syndrome" (Mastitis, Metritis, Agalactiae).

Ipagpatuloy ang pagbibigay ng bitamina at mineral, upang masigla ang "parathyroid glands" sa paggamit ng calcium sa katawan.

Isang linggo bago manganak, itigil muna ang pagbibigay ng calcium sa pagkain, upang mapalakas ang resistensiya ng inahin sa anumang sakit at kumplikasyon na maaaring magpahina sa daloy ng gatas. Bunga nito ay mas maraming biik na malulusog sa panahon ng panganganak at pagkapanganak hanggang sa pagwawalay.

Magdagdag ng antibayotiko sa pakain.

araw bago manganak - Linising mabuti at disimpektahin ang kulungang pagpapaanakan upang mamatay ang mga mikrobyong nagiging sanhi ng pagkakasakit ng mga biik at inahin.

Linising mabuti ang inahin, lalung-lalo na ang paligid ng mga suso upang mapangalagaan ang inahin laban sa MMA Syndrome (Agalactiae) mula sa Mastitis.

Sa pagluwal sa biik - Bawat biik na inilalabas ay dapat punasan ng malinis at mamasa-masang basahan lalo na ang ilong upang maalis ang manipis na lamad na bumabalot sa biik at mapaluwag ang paghinga ng biik.

Isunod ang pagputol sa pusod. Talian ng may isang pulgada (1 in.) ang layo sa katawan at pahiran ng antiseptiko upang maiwasan ang labis na pagdurugo at impeksiyon.

Putulin ang pangil ng biik. Kikilin ang matatalim na dulo ng pinagputulan. Iwasang magkasugat ang gilagid. Ito'y kailangan upang maiwasan ang pagkakasugat ng inahin habang nagpapasuso.

Ilagay ang mga biik sa malinis na lugar na mainit-init hanggang matapos ang

panganganak.

Pagkapanganak -Linising mabuti ang inahin lalung-lalo na ang mga suso. Gumamit ng malinis at mamasa-masang basahan. Tanggalin ang inunan ng mga biik.

Hugasan ang loob ng matres ng matabang na antiseptiko. Ito'y upang malinis nang husto ang matres at mabawas , ang posibleng impeksiyon at MMA Syndrome

Turukan ang inahin ng calcium upang maiwasan ang posibleng pagpalya ng gatas o Agalactiae.

Turukan ang inahin ng mabisang antibayotiko upang maiwasan ang MMA Syndrome at iba pang impeksyon.

Turukan ang inahin ng Oxytocin upang mailabas kung may naiwan pang biik sa loob ng matres at mailabas din ang inunan ng mga biik. Linisin ang matres. Ang turok ay nakapagpapababa ng gatas upang mapadali ang pagpapasuso.

1 araw pagkapanganak - Bigyan ang mga biik ng mabisang gamot laban sa pagtatae.

Pakainin ang inahin ng pagkaing pampagatas. Umpisahan sa 1 kg sa unang araw at dahan-dahan dagdagan hanggang umabot sa 31/2-4k sa ika-7 araw. Ito'y nang mapaganda ang daloy ng gatas ng inahin at maiwasan ang pagbaba ng timbang nito.

3 araw pagkapanganak - Turukan ang mga biik ng Iron at B-Complex vitamins. Ito'y laban sa anemia, pagtatae at pulmonya at saka pampagana rin.

5 araw pagkapanganak - Ipagpatuloy muli ang pagbibigay ng calcium at phosphorus sa pagkain ng inahin. Ang mga ito ay lubhang kailangan ng nagpapasusong inahin at mga nagsisilaking biik.

Bago bigyan ang mga biik ng pre-starter feeds, bigyan sila ng gamot laban sa pagtatae. Karaniwan sa pagbabago ng pagkain, nagtatae ang biik.

Dapat na nating sanayin ang ating mga alagang biik na kumain ng panimulang rasyon tulad ng piglet pre-starter pellets. Ibigay ito sa isang malinis na sulok ng kulungan na hindi kayang abutin ng inahin. O dili kaya'y pre-starter mash at dagdagan ng tamang bitamina, mineral at protina upang madagdagan ang sustansyang nagmula sa gatas ng inahin at mas maagang maiwalay ang mga biik dahil sa mabilis na paglaki at pagbigat ng mga ito. At tuloy maihanda ang inahin sa susunod na pagbubuntis.

10 araw pagkapanganak - Turukan muli ng iron dextran upang makumpleto ang pangangailangan sa iron at tuloy lumakas ang resistensiya laban sa sakit.
11 araw pagkapanganak - Magbigay ng mahusay na antibayotiko at bitamina bago isagawa ang pagkakapon at pagkatapos. Ito'y mahalaga upang maiwasan ang stress, sakit at kumplikasyon.

Kapunin ang mga lalaking biik na hindi gagawing palahian. Linisin ng antiseptiko pagkatapos. Ang pagkapon ay isang paraan upang mapabilis ang paglaki at pagbigat ng mga lalaking biik.

28-30 pagkapanganak - Awatin na ang mga biik na may timbang na 8-10 kgs pataas. Sa pagwawalay, ang inahin ang dapat na ilipat ng kulungan at iwanan ang mga biik sa dating kulungan. Haluan ng electrolytes ang tubig na inumin. Ito ang iinumin bago at pagkatapos magwalay ang inahin. Sa gayong paraan mas magkakaroon ng pagkakataong makapagpahinga ang inahin, maihanda ang sarili sa susunod na pagbubuntis at mapangalagaan ang kanilang kalusugan sa panahon ng "stress" o pagod.

7 araw pagka-awat - Purgahin ang lahat ng biik upang maalis ang lahat ng bulate na maaaring maging dahilan ng mabagal na paglaki.

2 linggo pagka-awat - Bakunahan ang mga biik ng panlaban sa hog cholera at FMD. Sa gulang ding ito maaari na nating sanayin ang mga biik sa starter feeds. Haluan ang pagkain ng mga sustansiyang nakatutulong upang bumigat at lumaki, tulad ng mga bitamina, mineral, calcium at phosphorus. Kailangan ito upang maiwasan din ang mga grabeng sakit tulad ng hog cholera at FMD.

Panatilihin and dami ng suplementong antibayotiko na inihahalo sa pakain upang lalong lumakas ang kanilang katawan at mapaglabanan ang epekto ng "stress" (pagod), lalo na ng mga bagong walay na biik, at upang maiwasan din ang mga sakit na enteritis, pulmonya at pagkakabansot.

3 linggo paaka-awat - Pangalawang pagpupurga sa mga biik. tuluyang maaalis

ang anumang uri ng bulate na natira.

MGA PANGKARINAWANG SAKIT NG BABOY AT PAANO MAIIWASAN

SAKIT NG INAHIN, DUMALAGA AT BARAKO

Leptospirosis (bacterial) - Palatandaan: Malubha kung may lagnat at pagtatae; chronic form naman kapag naagas o nalaglag, mahinang biik, pagkabaog, iregular na heat cycles o pamamaga ng bayag.

Para maiwasan: Bakunahan. Iwasan ang kontaminasyong dala ng ihi ng baboy. Bumili ng barakong serologically negative. Suriin ang dugo tuwing ikaanim na buwan. Hindi dapat gamitin ang barako sa pagkasta kung ito'y may sakit na Leptospirosis. Nakakahawa ang sakit na ito, pati inahin ay mahahawa.

Brucellosis (bacterial) - Palatandaan: Pagkaagas, pagkabaog, orchitis, nanlalambot (lameness), mahinang mga biik, impeksyon.

Para maiwasan: Bakunahan. Pansamantalang ihiwalay ang mga bagong piling palahiang baboy sa lupon ng mga datihang baboy upang dimagkahawa-hawa ng sakit ang mga ito.

Pangtaunang pagsusuri ng dugo sa mga palahiang baboy at alisin ang alinmang may istorya ng pagkakasakit.

Enzootic Pneumonia (bacterial) - Palatandaan: Ubo, hirap sa paghinga, sipon.

Para maiwasan: Huwag hayaang nagsisikip ang mga baboy sa kulungan at pamalagiing malinis at tuyo ito lalo na kung tag-ulan. Tabingan o lagyan ng habong ang kulungan upang maiwasan ang hamog. Ang pakain ay patuloy na lagyan ng suplimentong antibayotiko.

Mastitis - Metritis Agalactia Complex (MMA) - Palatandaan: Naninigas at namamaga ang suso, mahina ang gatas, lagnat, masa-masang puwerta, na may masangsang na amoy. Nanghihina ang inahin.

Para maiwasan: Haluan ng antibiotic feed supplement ang pakain isang linggo bago sa inaakalang panganganak.

Atrophic Rhinitis (bacterial) - Palatandaan: Paghatsing, nangingiwing nguso, may pulmonya, mabagal ang paglaki, enteritis, pagdugo ng ilong o balinguyngoy.

Para maiwasan: Huwag hahayaang maging masangsang at madumi ang kulungan ng baboy. Panatilihing malinis araw-araw.

SAKIT NG MGA BIIK AT BAGONG WALAY

Piglet Scour (bacterial) - Palatandaan: Pagtatae, magaspang na balahibo, di-malusog na kaanyuan.

Para maiwasan: Pamalagiing malinis at tuyo ang kulungan sa lahat ng panahon. Iwasang mabasa ang mga biik habang nililinis ang kulungan lalo na kung masama ang panahon. Iwasan na malamigan o mahamugan ang mga biik.

Piglet Anemia - Palatandaan: Panghihina ng katawan, magaspang ang balahibo, maputlang balat, hirap sa paghinga at mabagal lumaki.

Para maiwasan: Turukan ng iron ang mga biik tatlong araw pagkaanak sa mga ito.

Gastroenteritis (bacterial) - PaLatandaan: Pagsusuka, pagtatae, panghihina, walang ganang kumain.

Para maiwasan: Bigyan ng pagkain na may antibayotiko at mapalagiing mataas ang dami nito.

Disease Edema - Palatandaan: Nanginginig at hindi diretso ang paglakad. 'Pag nakahinga ito, may pedalling movement.

Para maiwasan: Bawasan ang dami ng pagkain at dagdagan ito ng diet fiber, ito'y upang maiwasan ang mabilis na pagdami ng bacteria sa loob ng bituka. Pamalagiing malinis ang inuming tubig at pakain sa kulungan. Iwasan ang biglang pag-iiba ng rasyon.

SAKIT NG MGA PATABAING BABOY

Jowl Abscess - Palatandaan: Nana

Para maiwasan: turukan ng autogenous bacterin at iwasan na may naka-usling matutulis na bagay sa loob ng kulungan ng baboy na nakakasugat.

Roundworm Infection - Palatandaan: Hindi bumibigat ang timbang, magaspang ang balahibo, malaki ang tiyan at walang ganang kumain.

Para maiwasan: Sundin ang tamang programa at pamamaraan ng pagpupurga sa inahin at biik.

Swine Dysentery - Palatandaan: Madugu-dugong tae na may parang laway. Ang tae ay pwede ring maitim. Dahan dahang nahahawa ang ibang baboy.

Para maiwasan: Linising mabuti ang kulungan at iwasan ang pagsisiksikan dito.

Salmonellosis - Palatandaan: acute enteritis, nangangamatay na baboy, panunuyo, magaspang ang balahibo, mamasa-masang puwit na may dumi.

Para maiwasan: Iwasang malagyan ng dumi (tae) ang pakain at tubig na inumin ng baboy.

Hoa Cholera (Peste sa Baboy) viral - Palatandaan: Walang ganang kumain, lagnat, namumula at nagmumutang mata, pagsusuka, pagkamatay at pamumula ng walang balahibong parte ng katawan at tainga.

Para maiwasan: Bakunahan ang baboy laban sa sakit na hog cholera.

Swine Influenza viral - Palatandaan: Hirap sa paghinga, ubo, paglabas ng uhog, lagnat, walang ganang kumain at pamamayat.

Para maiwasan: Linising mabuti ang kulungan. Kontrolin ang paglaganap ng lungworm. Purgahin kontra bulate.

Foot-and-Mouth Disease (apthous fever) FMD viral - Palatandaan: Mahina ang katawan, nanlalambot, sugat sa dila, nguso, bibig, sa suso at kuko ng baboy, at lagnat.

Para maiwasan: Bakunahan ang baboy laban sa sakit na FMD.

PAGKAKATAY

Ang pagkakatay ng baboy ay nangangailangan ng kasanayan at mga tanging kagamitan. Hindi nararapat na gamitin ng isang magsasaka ang kanyang mga kasangkapan sa bahay o sa pagbubukid upang katayin ang baboy. Mas magaling na dalhin sa matadero o tumawag ng isang sanay na at may kasangkapan pangkatay. Kung kakatayin ang baboy, may mahahalagang bagay na dapat tandaan:

1. Ang baboy ay dapat kulungin 2 o 3 araw bago katayin. Huwag pakakainin sa loob ng 24 na oras bago katayin.

2. Hindi dapat patayin ang baboy kung masyadong mainit ang katawan, humihingal o pagod. Dapat ito ay nasa kalagayang tahimik at namamahinga.

3. Ang matadero ay magbubusbos sa lugar lamang na may malaking ugat sa lalamunan. Huwag isasaksak ang kampit sa puso. Hindi dapat masaktan ang puso upang patuloy na dumaloy ang dugo.

4. Tiyaking nakahanda ang banlian, siguruhing malaki ito, at banlian agad pagkatapos na tumigil ang daloy ng dugo.

5. Ang pagpapalamig sa kapapatay na baboy ay lubhang mahalaga. Kung magtatagal pa na mainit, ang karne ay madaling mabulok. Sa mga baryo na walang yelo.

kailangang isabit ang katawan upang mahanginan. Ang pinakamabuting oras ng pagpatay sa baboy ay sa madaling-araw, ika-4 ng umaga, bago sumikat ang araw, at kung hindi umuulan. Bibiyakin ang katawan upang madaling lumamig, maalis ang amoy at sumingaw ang init. At ang pagtanggal sa karne ay dapat pasimulan tatlong oras pagkaraang makatay.

MAHALAGANG PAALALA:

Para sa karagdagan impormasyon, kumunsulta sa beterinaryo o sa mga tagapagpalaganap ng kaalaman sa pagbababuyan nang maiwasan ang pag-kalat ng ibat-ibang uri ng sakit at pagkalugi.

PHILIPPINE MARKET CUTS FOR PORK



Reproduced by:

Regional Agriculture Information Division
in cooperation with the Livestock Section of the
Department of Agriculture
Regional Office No. 5
San Agustin, Pili, Camarines Sur
Tel. No. 4777-254 or 475-51-13
E-mail Address: darafid5@yahoo.com

Ito ay hango sa ginawang brochure ng
Livestock Development Council
Department of Agriculture
Elliptical Road
Diliman, Quezon City